# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 27, 2024, LUNES, IKA-09:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad - nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad - may karamdaman |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 06/11/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

RECORDED 11 JUN 2024

**KAPASIYAHAN BLG. 266-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 33-T2024 KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 11-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION II NA NAGDARAGDAG NG KATULUNGIN (BARANGAY ADMIN, AT DALAWANG BHW) PARA SA TAONG 2024.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Poblacion II na makapagdagdag ng katulungin sa nasabing barangay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 33-T2024/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 11-T2024;

**SAPAGKAT,** dumarami ang mga gawain at proyekto ng barangay na nangangailangan ng dagdag na katulungin para sa maayos at mabilis na paglilingkod sa mga kabarangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. (Kasapi ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Laura P. Obligacion at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 33-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 11 -T2024 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II na nagdaragdag ng katulungin (Barangay Admin at Dalawang BHW) para sa taong 2024.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 27, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

6/10/24 352